# Saint John School
of San Juan, San Ildefonso, Bulacan, Inc.

# THIRD PERIODICAL EXAMINATION
School Year 2021-2022

**Pangalan:** ______________________________________________ **Score:** _____________
**Guro:** **Neslyn D.B Perez** **Grade 6 -** ___________

**I. Punan ang patlang kung ang salitang may salungguhit ay ginagamit bilang pang-uri o pang-abay.**

1. ___________ **Maingat** niyang ibinuhos ang alak sa baso.
2. ___________ **Maingat** siya habang binubuhos ang alak sa baso.
3. ___________ **Matagal** ang pagtalakay ng isyung ito sa Senado.
4. ___________ Ang isyung ito ay itinalakay nang **matagal** sa Senado.
5. ___________ Ang pasasalamat ng naulilang bata ay **mataimtim**.
6. ___________ **Mataimtim** na nagpasalamat ang naulilang bata.
7. ___________ Ang mungkahi niya ang malungkot kong **tinanggihan**.
8. ___________ Malungkot ako dahil **tinanggihan** ko ang mungkahi niya.
9. ___________ Ang mga bisita ay **magiliw** niyang inanyayahang pumasok sa sala.
10. ___________ **Magiliw** ang nag-anyaya sa mga bisita na pumasok sa sala.
11. ___________ **Malinaw** ang mensaheng ipinahiwatig ng kinatawan ng pangulo.
12. ___________ Ang mensahe ng pangulo ay **malinaw** na ipinahiwatig ng kanyang kinatawan.
13. ___________ **Matamlay** na sinagot ng pasyente ang mga tanong ng doktor.
14. ___________ Ang mga tanong ng doktor ay sinagot ng **matamlay** na pasyente.
15. ___________ **Tahimik** si Alicia habang nagbabasa sa loob ng kanyang silid.
16. ___________ Nagbabasa nang **tahimik** si Alicia sa loob ng kanyang silid.
17. ___________ Ang aking binasa ay **lubos** na naunawaan ko.
18. ___________ **Lubos** ang pag-unawa ko sa aking binasa.
19. ___________ **Maingat** niyang ibinuhos ang alak sa lapag.
20. ___________ **Maingat** siya habang binubuhos ang alak sa lapag.

**II. Punan ang patlang ng tamang pangatnig na inyong nakita sa pangungusap.**

___________21. Mabigat ang trapiko kaya nahuli ako sa klase.

LIVEWORKSHEETS

____________22. Naglilinis siya ng silid habang nakikinig siya sa radyo.

____________23. Magbabasa ako ng aklat o manonood ako ng telebisyon.

____________24. Hindi kumikibo si Mario kapag malapit si Anna sa kanya.

____________25. Huwag mo siyang tularan sapagkat masama ang ginagawa niya.

____________26. Sasabay sana ako kay Maricar pauwi subalit nakaalis na pala siya.

____________27. Hindi pumasok sa paaralan si Nelia dahil sumakit ang kanyang ngipin.

____________28. Hindi siya matipid sa pagkain palibhasa marami ang perang baon niya.

____________29. Uuwi ako nang maaga para matulungan ko si Nanay sa mga gawaing bahay.

____________30. Naghintay si Nanay sa sala hanggang dumating si Tatay mula sa opisina.

____________31. Nagmadaling pumunta si Ted sa istasyon ngunit hindi niya naabutan ang tren.

____________32. Lalabhan ko ang damit ni Ariel at paplantsahin ko ang uniporme ni Alicia.

____________33. Mag-aaral ako nang mabuti upang mataas ang makuha kong marka sa pagsusulit.

____________34. Si Ate Rita ay bumili ng sariwang gulay at mga hinog na mangga sa palengke.

____________35. Si Tatay o si Kuya Martin ang susundo sa inyo sa paaralan mamayang hapon.

____________36. Dapat sabihin ko sa kanya ang katotohanan ngunit ayaw kong magalit siya sa akin.

____________37. Si Janice ang kakanta dahil siya ang pinakamagaling na mang-aawit sa klase natin.

____________38. Hindi niya makuha ang tamang sagot bagama't nakinig siya sa sinabi ng guro.

____________39. Gusto nilang maglaro sa palaruan pero pinagbawalan silang lumabas ng bahay.

____________40. Sumali sa paligsahan si Danilo kahit sinabi nila na wala siyang pag-asang manalo.

**III. Punan ang patlang ng tamang pang-angkop (na, ng, at g) na ginamit sa pangungusap.**

LIVEWORKSHEETS

41. Sino kaya ang may-ari ______ bakanteng lote?

42. Nakatikim _______ ako ng hilaw na mangga at bagoong.

43. Makinig tayo sa makabuluhan____ kuwento ni Marlon.

44. Mga moderno______ kasangkapan ang binili para sa ating tanggapan.

45. Maasahan____ kaibigan si Nora kaya mahalaga siya sa akin.

46. Ang kagubatan ay luntia______ paraiso para sa mga hayop.

47. Isa sa mga paboritong pagkain ko ang prito_____ manok.

48. Yari sa totoo______ ginto ang mga alahas ni Patricia.

49. Kina Jasmin at Jaime ang malalambot ______ unan.

50. Si Carmina ang may itim at mahaba_____ buhok sa larawan.

51. Taun-taong inuulit ang malakas na pagpapaputok tuwing Bago____ Taon.

52. Inakyat _____ mga dayuhang turista ang matarik na bundok.

53. Gamitin mo ang makapal _______ kumot sa kama ko.

54. Nagdarasal kami sa makapangyariha_______ Diyos.

55. Nasa karaniwang tao ang tunay _______ kapangyarihan sa demokrasya.

56. Binigyan kami _______ sapat na baon ni Tatay.

57. Mabait at masunuri_____ anak si Ramil.

58. Ang bingi______ pulubi ay nabunggo ng sasakyan.

59. Nahimatay siya dahil sa napakainit _________ panahon.

60. Gamit ni Juanita ang sanggunia_______ aklat.

LIVEWORKSHEETS